WCB FACTS 2017

PANGKALAHATANG-IDEYA NG PAGSAKOP PARA SA BAYAD-PINSALA SA MGA MANGGAGAWA

Ang pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa para sa mga employer ay kinakailangan at tinitiyak ng mga opsyonal na industriya na karapat-dapat ang iyong mga manggagawa para sa mga benepisyo ng WCB at pinoprotektahan ka mula sa isang paghahabla sa pangyayari ng pinsala sa lugar ng trabaho.

Ang pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa ay kinakailangan para sa karamihan ng mga employer sa Manitoba. Ang kinakailangang pagsakop ay kinabibilangan ng mga partikular na pangyayari kung saan ang mga indibiduwal ay maaaring wala sa isang halatang relasyon ng employer/manggagawa. Para sa mga negosyo na hindi hinihiling ng batas na magkaroon ng pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa nguni't gustong magkaroon ng mga kapakinabangan ng pagsakop, mayroong magagamit na mga opsyonal na package para sa pagsakop.

Kinakailangang Pagsakop

Ang pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa ay kinakailangan para sa karamihan ng mga negosyo sa Manitoba na nangungupahan ng mga manggagawa. Kung ikaw ay isang kinakailangang industriya, ang lahat ng nagtatrabaho para sa iyong negosyo ay itinuturing na isang manggagawa at may karapatan sa pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa anuman ang:

- dami ng oras na kanilang tinatrabaho (full time, part time o paminsan-minsang nagtatrabaho)
- ayos ng bayad sa kanila (suwelduhan, kada oras, komisyon, kada gawa, at kahit nasila ay nananatili sa kanilang pinagtatrabahuhan)
- uri ng kanilang trabaho (administratibo, bentahan, tauhan sa paggawa, o opisiyal na ehekutibo o mgakasosyo na hindi mga direktor)
- lokasyon (nasa lugar ng negosyo, naglalakbay sa Manitoba at/o naglalakbay sa labas ng Manitoba)

Ang Mga Miyembro ng Pamilya na nagtatrabaho sa — at binabayaran ng — negosyo ay kinakailangang magkaroon ng pagsakop bilang bahagi ng iyong mga manggagawa sa trabaho. Tandaan: Mayroon lamang isang hindi kasama dito — kung ikaw ay nagpapatakbo ng isang bukirin, ang mga miyembro ng iyong pamilya ay hindi sakop maliban kung tinukoy mo sa WCB na gusto mo ng pagsakop sa pamilya ng nagtatrabaho sa bukid.

Ang Mga Nakakontratang Manggagawa sa mga kinakailangang industriya ay kinakailangang magkaroon ng pagsakop bilang isang manggagawa (kung uupahan mo sila at wala silang sariling pagsakop alinman sa dahil hindi sila kwalipikado o dahil hindi sila nag-apply, kung gayon itituring sila bilang iyong manggagawa.

Ang Mga Apprentice at Nag-aaral ay sakop kapag sila ay nasa lugar ng trabaho katulad ng ibang manggagawa. Kapag nag-aaral ang apprentice, ang employer kung kanino sila mayroong kasunduan para sa pagiging apprentice ay itituring pa rin na employer nila. Ang mga nag-aaral na sumasailalim sa pagsasanay o probationary bago sila opisiyal na kunin sa trabaho ay itinuturing na manggagawa mo sa panahon ng pagsasanay.

Serbisyong Pantahanan – ang sinumang indibiduwal, o negosyo, na nangungupahan ng isang tao para sa mga serbisyong pantahanan para sa mahigit sa 24 na oras sa isang linggo ay dapat magbigay sa kanila ng pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa. Kabilang sa mga nagbibigay ng serbisyong pantahanan ang (nguni't hindi limitado sa):

- mga taong tagalinis
- mga kasambahay
- mga yaya/mga au pair (pinatutuloy na kasambahay)/mga tagapag-alaga ng bata
- mga tagamaneho
- mga mayordomo
- mga hardinero
- mga kasama

Tandaan: Kung mangungupahan ka ng isang manggagawa sa tahanan na magtatrabaho ng mahigit sa 24 na oras sa isang linggo at ng isa pang indibiduwal o mga indibiduwal upang magbigay ng serbisyong pantahanan na magtatrabaho ng mas mababa sa 24 na oras sa isang linggo, kailangan mong magbigay ng pagsakop para sa lahat ng iyong manggagawa para sa serbisyong pantahanan.

Kinakailangang Pagsakop sa pamamagitan ng Hindi Pagsasama
Sa ilang mga pangyayari, ang pagsakop ay awtomatikong ibinibigay sa mga indibiduwal sa kabila ng katotohanan na sila ay hindi "nagtatrabaho" para sa isang employer katulad ng karaniwang tinukoy.

Ang Mga Bumbero at Mga Tauhan ng Ambulansya ay itinuturing na mga manggagawa at ang munisipyo kung saan sila nagboboluntaryo ay itinuturing na employer. Nangangahulugan ito na kung ang boluntaryong bumbero o tauhan ng ambulansya ay masasaktan habang nagtatrabaho, papunta o galing sa emerhensiyang tungkulin, o habang nakikibahagi sa mga opisiyal na pagpupulong o mga pagsasanay, sila ay mayroong pagsakop sa WCB.

Ang Mga Estudyante ng Sekundarya na nasa Programa para Makakuha ng Karanasan sa Trabaho na nagtatrabaho para makakuha ng karanasan sa pamamagitan ng mga sumusunod na paaralan ay mayroong pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa:

- Mga Unibersidad ng Manitoba, Winnipeg at Brandon

- University College of the North
- College universitaire de Saint-Boniface
- Assiniboine Community College
- Red River College
- High school

Sa mga pangyayaring ito, ang Lalawigan ng Manitoba ay itinuturing na kanilang employer, hindi ang employer kung kanino sila nagtatrabaho para makakuha ng karanasan.

Ang mga indibiduwal na dumadalo sa isang institusyon para sa pagsasanay na hindi tinukoy sa listahan sa itaas ay maaari rin magkaroon ng pagsakop habang lumalahok sa isang programa para makakuha ng karanasan sa trabaho, gayunpaman, ang uri ng pagsakop na ito ay makukuha lamang kung ang institusyon para sa pagsasanay ay nag-apply dati — at inaprubahan para — sa pagsakop. Sa mga ganitong kaso, ang parehong institusyon para sa pagsasanay at ang employer kung kanino nagtatrabaho ang indibiduwal para sa layunin na makakuha ng karanasan sa trabaho ay responsable para sa pagsakop sa indibiduwal na ito.

Ang mga Miyembro ng Green Team na inupahan sa pamamagitan ng programa ng Pamahalaan ng Manitoba para sa tulong na salapi para makipagtulungan sa mga Green Team nang lampas sa mga buwan ng tag-init ay inaasahang magbigay sa kanila ng mga pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa para sa tagal ng kanilang pagtatrabaho bilang isang miyembro ng Green Team. Ang kinakailangan na ito ay umiiral, ang employer man ay isang kinakailangang industriya o hindi at isang kondisyon para makatanggap ng tulong na salapi.

Ang mga indibiduwal na tinawag para magtrabaho sa ilalim ng *Batas sa Mga Napakalaking Sunog* ay binibigyan ng pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa para sa panahon na sila ay sangkot para tumulong sa mga serbisyo ng proteksyon sa sunog. Sa ilalim ng *Batas sa Mga Napalaking Sunog*, ang mga nasa hustong gulang na indibiduwal na pinapatulong sa mga operasyon ng proteksyon sa napakalaking sunog ay itinuturing na mga manggagawa ng Pamahalaan ng Manitoba.

Opsyonal na Pagsakop

Kung ikaw ay nagpapatakbo ng isang negosyo o isang organisasyon na hindi nangangailangan ng pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa, mayroon din kaming mga package para sa opsyonal na pagsakop na maaari mong bilhin sa napaka-mapagkumpitensyang singil para dagdagan ang package ng mga benepisyo na ibinibigay mo sa iyong mga manggagawa (at sa iyong sarili).

Ang Opsyonal na Pagsakop sa Manggagawa ay nagbibigay ng pagsakop ang lahat ng iyong manggagawa. Kung magdedesisyon kang bilhin ang insurance na ito, dapat mong sakupin ang iyong buong manggagawa sa trabaho nang hindi kasama ang mga nag-iisang may-ari, mga kasosyo at mga direktor ng korporasyon.

Ang Personal na Pagsakop ay magagamit ng mga nag-iisang may-ari, mga kasosyo at/o mga direktor ng korporasyon na gustong maging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng bayad-pinsala sa mga manggagawa sa pangyayari ng isang pinsala o karamdaman na may kaugnayan sa trabaho.

Ang Pagsakop sa Pamilya ng Nagtatrabaho sa Bukid ay maaaring bilhin para sa alinman sa mga sumusunod na negosyo sa bukid:

- Farm Crop Production (Produksyon ng Ani ng Bukid)
- Stock and Dairy Farming (Pag-aalaga ng mga hayop sa bukid at mga hayop na pinagmumulan ng gatas)
- Hog and Poultry Farming (Pag-aalaga ng mga baboy at manukan)
- Hatcheries (Paitlugan)
- Beekeeping (Pag-aalaga Ng Mga Bubuyog)
- Greenhouse Nursery (Pag-aalaga ng mga halaman)
- Market Gardening (Maliit na produksyon ng mga prutas, gulay at bulaklak na ibinibenta ng direkta sa mga mamimili)

Kung hihilingin ang pagsakop para sa mga miyembro ng pamilya sa mga ganitong pangyayari, ang negosyo ay dapat bumili ng pagsakop para sa lahat ng miyembro ng pamilya na nagtatrabaho sa ─ at binabayaran ─ ng negosyo maliban sa (mga) may-ari ng negosyo.

Ang mga may-ari ng negosyo ay dapat hiwalay na mag-apply para sa Personal na Pagsakop kung nanaisin nilang maging karapat-dapat para sa mga benepisyo ng bayad-pinsala sa mga manggagawa sa pangyayari ng isang pinsala o karamdaman na may kaugnayan sa trabaho.

Ang mga Boluntaryo na nagkakaloob ng kanilang oras sa hindi kumikita at mapagkawanggawa na mga organisasyon ay maaaring magkaroon ng daan para sa mga parehong benepisyo at serbisyo bilang mga regular na manggagawa kahit na hindi sila sumasahod para sa kanilang oras. Ang pag-apply ng organisasyon para makakuha ng pagsakop para sa kanilang mga boluntaryo ay hindi batay sa payroll na katulad ng karaniwan. Para sa mga boluntaryo, sa pangkalahatan, ang organisasyon ay nagbabayad ng premium batay sa dami ng mga boluntaryo.

Tandaan: Kung ang operasyon ng hindi kumikita o mapagkawanggawa na organisasyon ay tumatakbo sa isang hindi kinakailangang industriya at mayroong binabayarang mga manggagawa sa trabaho at boluntaryo, kailangan muna nilang kumuha ng pagsakop para sa kanilang mga regular na manggagawa upang makakuha ng pagsakop para sa kanilang mga boluntaryo. Para sa karagdagang impormasyon sa mga boluntaryo, mangyaring tingnan ang Policy 35.10.70, Pagsakop para sa Mga Boluntaryo (Coverage for Volunteers) sa website ng WCB sa http://www.wcb.mb.ca/coverage-for-volunteers.

Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa mga partikular na mga uri ng mga makukuhang pagsakop para sa bayad-pinsala sa mga manggagawa, mangyaring tingnan ang mga sumusunod na fact sheet na makikita sa website ng WCB sa www.wcb.mb.ca sa ilalim ng Publications:

- Seguro para sa mga nakanontratang manggagawa
- Ang Pagsakop para sa Industriya ng Pagbubukid
- Mga employer ng mga baguhan
- Mga boluntaryong manggagawa para sa emerhensya.
- Personal na Pagsakop para sa Mga May-ari ng Negosyo

Para sa karagdagang impormasyon sa lahat ng uri ng pagsakop, makipag-ugnayan sa Assessment Services Department sa (204) 954-4505 o nang walang bayad sa Canada at sa Estados Unidos sa 1-855-954-4321, o magpadala ng fax sa (204) 954-4900 o walang bayad sa Canada sa 1-866-245-0796.

Ang lathalang ito ay ipinapagkaloob bilang pangkalahatang impormasyon. Hindi ito nilalayon na maging legal na payo, at hindi dapat asahan na bilang tulad. Para sa mas tiyak na impormasyon, tingnan ang The Workers Compensation Act and Regulations and WCB Policies. Ang mga dokumentong ito ay makukuha sa website ng WCB sa wcb.mb.ca.